FACT SHEET

# Ispesipikong Paggawa ng Desisyon

Ang *Adult Guardianship and Trusteeship Act* (AGTA) ay nag-aalok ng iba't-ibang mga opsyon upang suportahan ang nasa hustong gulang na Albertans na nangangailangan ng tulong sa paggawa ng mga personal at/o pinansiyal na desisyon.

Ang isa sa mga opsyon ay ang ispesipikong paggawa ng mga desisyon para sa mga taong nasa hustong gulang na:

- nangangailangan ng mabilisang desisyon tungkol sa health care o pansamantalang pagpasok sa o discharge mula sa isang residential facility; at
- walang kakayahang gumawa ng desisyon na ito; at
- walang guardian o isang personal na kautusan.

## Ano ang ispesipikong paggawa ng desisyon?

Kapag ang isang taong nasa hustong gulang ay walang kakayahang gumawa ng isang desisyon at wala silang guardian o isang personal na kautusan, maaaring pumili ang isang health care provider (isang doktor, nars, o dentista para sa pangangalaga ng ngipin lamang) ng isang kamag-anak upang kumilos bilang isang ispesipikong tagagawa ng desisyon at gumawa ng kinakailangang desisyon para sa taong nasa hustong gulang.

Ang ispesipikong paggawa ng desisyon ay ginagamit para sa mga madaliang desisyon.  Ito'y para lamang sa:

- health care; at
- pansamantalang pagpasok sa o discharge mula sa isang residential facility.

Halimbawa, ang kakayahan ng isang taong nasa hustong gulang na gumawa ng desisyon ay maaaring mapinsala nang ilang panahon pagkatapos nilang magka-istrok.  Sa ilalim ng ispesipikong paggawa ng desisyon, maaaring hilingin ng kanilang doktor ang isang kamag-anak na magbigay ng pahintulot na dalhin ang isang taong nasa hustong gulang sa isang rehabilitation facility para sa treatment.

Dapat munang asesuhin ng health care provider kung ang taong nasa hustong gulang ay nakagagawa ng mga desisyon. Ang opsyon para sa ispesipikong paggawa ng desisyon ay ginagamit lamang kapag ang taong nasa hustong gulang ay naaseso bilang walang kakayahang magbigay ng may kaalamang pahintulot para sa isang ispesipikong desisyon at napag-alaman ng health care provider na ang isang desisyon para sa treatment o placement ay kinakailangan.

## Paano pinipili ang isang kamag-anak?

Pinipili ng health care provider ang "pinakamalapit na kamag-anak" mula sa isang listahan na may rangko.

- asawa o interdependent na nasa hustong gulang
- kapareha
- anak na nasa hustong gulang
- ama o ina
- kapatid na nasa hustong gulang
- lolo o lola
- apo na nasa hustong gulang
- tiyo o tiya na nasa hustong gulang
- pamangkin na nasa hustong gulang
- Public Guardian ang pinakahuli

Ang kamag-anak ay dapat higit sa 18 taong gulang, dapat available at handang gumawa ng desisyon, at dapat may komunikasyon sa taong nasa hustong gulang sa nakaraang 12 buwan.

Hindi maaaring magkaroon ng pagtutunggali hinggil sa kamag-anak na pinili bilang isang ispesipikong tagagawa ng desisyon at ng taong nasa hustong gulang na maaaring makaapekto sa kakayahan ng kamag-anak na gawin ang mga tungkulin ng isang ispesipikong tagagawa ng desisyon.

Bagama't ang taong nasa hustong gulang ay inaseso bilang isang taong hindi makagawa ng isang desisyon, dapat sila konsultahin ng kamag-anak sa hangga't maaari.

Kung may pagtutunggali tungkol sa kung sino dapat ang pipiliin, ang Public Guardian ay maaaring kumilos bilang ispesipikong tagagawa ng desisyon o maaari niyang pahintulutan ang isang kapamilya na hindi bahagi ng pangunahing pagtutunggali.



Ang mga pormularyo na nagpapahintulot sa isang kamag-anak o sa Public guardian na gumawa ng isang ispesipikong desisyon ay makukuha mula sa organisasyon ng health care.

## Mayroon bang mga limit sa mga uri ng desisyon na maaaring gawin?

Ang ispesipikong paggawa ng desisyon ay hindi umaaplay sa mga desisyon hinggil sa treatment ng mga problema sa pangkaisipang kalusugan, psychosurgery, sterilisasyon, transplantasyon ng tissue, mga eksperimento, o mga desisyon sa katapusan ng buhay.

## Paano kung ang mga iba ay may mga pag-aalala tungkol sa desisyon?

Ang sinumang kamag-anak, matalik na kaibigan, o legal na kinatawan ay maaaring maglaan ng reklamo tungkol sa desisyon sa Hukuman.

Maaari rin silang magsimula ng mas masigasig na pag-aseso ng kakayahan upang matiyak kung ang taong nasa hustong gulang ay may kakayahang gumawa ng kanilang sariling desisyon.

Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring kontakin ang Office of the Public Guardian o kausapin ang iyong health care provider.

## Mga Nagpapatnubay na Prinsipyo

Ang *Adult Guardianship and Trusteeship Act* ay nakabatay sa apat na nagpapatnubay na prinsipyo:

- itinuturing na ang taong nasa hustong gulang ay may capacity at nakagagawa ng mga desisyon hanggang natiyak ang kabaligtaran nito;
- ang kakayahang makipag-usap ay hindi isang pagtitiyak ng capacity, ang taong nasa hustong gulang ay maaaring makipagkomunika sa ibang paraan na nagbibigay sa kanila ng paraang maunawaan;
- pag-focus sa pagsasarili nang 'di gaanong nakikialam at 'di gaanong humahadlang; at
- paggawa ng desisyon na may focus sa pinakamainam para sa taong nasa hustong gulang at kung paano sana gagawin ng taong nasa hustong gulang ang desisyon kung kaya niya ito gawin.

## Para sa karagdagang impormasyon

Tawagan ang libreng telepono ng Office of the Public Guardian para sa impormasyon:
**1-877-427-4525**
Lunes hanggang Biyernes
8:15 ng umaga – 4:30 ng hapon

**www.seniors.alberta.ca/opg**

## Mga Opisina

Ang Office of the Public Guardian ay may mga opisina sa buong probinsiya. Sila'y bukas Lunes hanggang Biyernes, mula 8:15 ng umaga hanggang 4:30 ng hapon. Upang makonekta nang libre, tumawag muna sa 310-0000.

### Northwest Region

Grande Prairie: 780-833-4319

### Edmonton Region

Edmonton: 780-427-0017

### Central Region

Red Deer: 403-340-5165

### Northwest Region


St. Paul: 780-645-6278

### Calgary Region

Calgary: 403-297-3364

### South Region

Lethbridge: 403-381-5648
Medicine Hat: 403-529-3744



OPG5612-T (2010/06)